# Kalagayan ng Panrehiyong Ekonomiya: Asya at Pasipiko

# Patuloy na Pagbangon sa Kabila ng Kawalan ng Katiyakan

## Ehekutibong Buod

Mukhang magiging isang mapaghamong taon ang 2023 para sa pandaigdigang ekonomiya, na may bumabagal na pandaigdigang paglago sanhi ng paghihigpit sa pananalapi at pakikipagdigmaan ng Rusya sa Ukranya na patuloy na nagpapalubha sa aktibidad. Ang mga nagpapatuloy na presyur sa implasyon, at ngayon, ang mga suliranin sa sektor ng pananalapi sa Estados Unidos at Europa, ay nagdaragdag ng kawalan ng katiyakan sa komplikado nang kalagayang pang-ekonomiya.

Sa kabila ng mapanglaw na larawang ito, nananatiling isang masiglang rehiyon ang Asya-Pasipiko. Bagaman humihina ang panlabas na pangangailangan—tulad ng pagbaba ng pangangailangan para sa mga iniluluwas na bagay na panteknolohiya tungo sa katapusan ng 2022—at paghihigpit sa pananalapi, nananatili pa ring malakas ang domestikong pangangailangan, kung saan nagkakaloob ng panibagong sigla ang muling pagbubukas ng Tsina. Inaasahang tataas ngayong taon ang paglago sa Asya at Pasipiko sa 4.6 na porsyento, na isang pagtaas mula sa 3.8 na porsyento noong 2022, isang pagpapabuti ng 0.3 na porsyente ayon sa *World Economic Outlook (Kalagayan ng Pandaigdigang Ekonomiya)* ng Oktubre 2022. Ito ay nangangahulugang makakapag-ambag ang rehiyon ng humigit-kumulang 70 porsyento sa pandaigdigang paglago. Ang kasiglaan sa Asya ay pangunahing idudulot ng pagbangon sa Tsina at matatag na paglago sa Indiya, habang ang paglago sa iba pang bansa sa Asya ay inaasahang babagsak ngayong 2023, kasabay ng iba pang mga rehiyon.

Gayon pa man, ang masiglang pananaw na ito ay hindi nangangahulugang kayang maging kampante ang mga gumagawa ng mga patakaran sa rehiyon. Ang mga presyur mula sa nabawasang pandaigdigang pangangailangan ang magpapabigat sa pananaw na ito. Bumababa na ang headline na implasyon, ngunit nananatili pa ring mas mataas sa mga target sa karamihan sa mga bansa, habang napatunayang mahirap malutas ang core na implasyon. Bagaman limitado pa rin hanggang sa ngayon ang mga epekto mula sa kaguluhan sa mga sektor ng pagbabangko sa Europa at Estados Unidos, ang mga kahinaan sa pandaigdigang paghihigpit sa pananalapi at kawalan ng katiyakan sa mga kalagayan ng merkado, partikular na sa mga sektor ng mga kompanya at kabahayan ay nananatiling mataas. Inaasahang bababa ang paglago sa 3.9 na porsyento sa loob ng limang taon, ang pinakamababang inaasahan sa katamtamang termino kamakailan, na samakatuwid ay magdudulot ng inaasahang pinakamababang pandaigdigang paglago sa katamtamang panahon mula pa noong 1990.

Ang mga panganib sa pananaw na ito ay ang negatibong epekto na sumasalamin sa posibilidad ng mas mahirap malutas na mga presyur sa presyo sa mundo at rehiyon, sa kawalan ng kaugnayan sa pagitan ng inaasahan ng mga merkado ng mga daang tatahakin pagdating sa pananalapi at mga komunikasyon ng mga pangunahing bangko sentral, dagdag na kaguluhan sa pandaigdigang merkado ng pananalapi,

masasamang epekto sa rehiyon na dulot ng pagbagal ng paglago ng Tsina sa katamtamang panahon, at mas malalim na paghahati-hati ng ekonomiya sa rehiyon.

Dapat manatiling mahigpit ang patakaran sa pananalapi hanggang sa maging matatag na ang pagbalik ng implasyon pababa sa loob ng target. Mga eksepsyon ang Tsina at Hapon, kung saan mababa sa potensyal ang kinalalabasan at nanatiling mababa ang mga inaasahan sa implasyon. Maliban kung lumala ang mga kahirapan sa mga merkado ng pananalapi at nakasalalay ang katatagan sa pananalapi, dapat ihiwalay ng mga bangko sentral ang mga layunin ng patakaran sa pananalapi sa mga mithiin sa katatagan sa pananalapi, gamit ang mga makukuhang kasangkapan na nakatuon sa pagtugon sa mga panganib sa katatagan ng pananalapi upang mapahintulutan silang patuloy na mapahigpit ang patakaran na tutugon sa mga presyur sa implasyon.

Ang lumalaking pampublikong utang at tumataas na mga gastos sa interes ay nangangailangan ng nagpapatuloy—at, sa ilang kaso, pinabilis na—pag-iisa ng pananalapi, na maaari ring suportahan ang paglaban sa implasyon habang pinoprotektahan ang mahihina sa pamamagitan ng mga hakbang na may partikular na pinagtutuunan. Ang pagsubaybay sa mga aspetong may kahinaan na nauugnay sa lumalaking pasaning utang sa mga sektor ng mga kompanya at kabahayan, at ang pagkahantad sa mga panganib sa merkado at panganib ng kredito ng kompanya, ay mahalaga sa pagprotekta ng katatagan ng pananalapi. Kailangan ang mga estruktural na reporma upang mapabuti ang potensyal sa paglago, sa pamamagitan ng inobasyon at pagsasadihital; mapabilis ang transisyon sa luntiang enerhiya; mabawasan ang mga panganib sa pagkakahati-hati; at matiyak ang seguridad sa pagkain.